Numero ng OMB 0607-1006: Petsa ng pagka-walang bisa 11/30/2021

# Ang Iyong Patnubay sa 2020 Senso

## Paano Sagutan ang Papel na Palatanungan ng 2020 Senso



United States® Census 2020

# Maligayang pagbati mula sa 2020 Senso



## Ang lahat ay binibilang.

Ang layunin nitong senso ay bilangin ang bawat tao na naninirahan sa U.S. nang minsan at minsan lang, at sa tamang lugar. Kailangan namin ang iyong tulong upang masiguro na ang lahat sa iyong komunidad ay nabibilang.



## Ang datos ng Senso ay mahalaga.

Ang Konstitusyon ng U.S. ay nangangailangan ng senso bawat 10 taon. Ang mga resulta ay ginagamit upang matukoy ang bilang ng mga puwesto ng bawat estado sa Kongreso, gumawa ng mga hangganan para sa mga distrito ng pagboto, at tukuyin kung paano ang higit sa 675 bilyong dolyar na pederal na pagpopondo ay ginagastos sa mga komunidad bawat taon.



## Ang paglahok ay iyong tungkulin sa bayan.

Ang pagkumpleto sa senso ay kinakailangan; ito ay isang paraan sa paglahok sa ating demokrasya at sabihing “Mahalaga ako!”



## Ang iyong impormasyon ay kompedensiyal.

Ang iyong mga sagot ay protektado ng batas na pederal. Ang iyong mga sagot ay magagamit lamang sa paggawa ng estadistika at hindi magagamit laban sa iyo ng alinmang ahensiya ng gobyerno o korte.



## Gamitin ang patnubay na ito upang kumpletuhin ang papel na palatanungan ng 2020 Senso.

Ang papel na palatanungan ng 2020 Senso ay darating sa mga mailbox at sa mga pintuan sa buong bansa.

# Bago Ka Magsimula

1. Hanapin ang iyong palatanungan at buksan ito sa unang pahina.
2. Gamitin ang impormasyon sa patnubay na ito na nakasulat sa Tagalog upang markahan ang iyong mga sagot sa papel na palatanungang nakasulat sa Ingles. **HUWAG ISULAT ANG MGA SAGOT MO SA GABAY NA ITO.**
3. Bago ka sumagot sa unang tanong, bilangin ang mga taong naninirahan dito sa bahay, apartment, o tirahang naililipat (mobile home) gamit ang mga patnubay sa ibaba.

# Sino ang Dapat Bilangin

**Bilangin ang mga taong naninirahan sa bahay, apartment o tirahang naililipat (mobile home) na ito:**

- Bilangin ang lahat ng mga tao, kabilang ang mga sanggol, na nakatira at natutulog dito sa kadalasan.
- Kung walang naninirahan o natutulog sa address na ito sa kadalasan, sumagot online.

**Kailangan ding bilangin ng senso ang mga taong walang permanenteng lugar na titirhan:**

- Kung may taong walang permanenteng lugar na tinitirhan ay namamalagi dito sa Abril 1, 2020, bilangin ang taong iyon.

**Ang Kawanihan ng Senso ay gumagawa rin ng mga pagbilang sa mga institusyon at ibang mga lugar:**

- Huwag bilangin ang sinumang nasa tirahan na may taga-alaga (nursing home), nasa kulungan, bilangguan, detensyon na pasilidad, atbp., sa Abril 1, 2020.
- Huwag isama ang mga taong ito sa iyong palatanungan, kahit babalik sila upang manirahan dito pag-alis nila sa kolehiyo, tirahan na may taga-alaga (nursing home), military, kulungan, atbp. Kung hindi, maaari silang mabilang nang doble.

Basahin ang mga tanong at mga tagubilin sa susunod na pahina. →

***Huwag isulat ang mga sagot mo sa gabay na ito.***

# Kumpletuhin ang mga tanong sa pangunahing pahina

*HUWAG ISULAT ANG MGA SAGOT MO SA GABAY NA ITO*

**1.** How many people were living or staying in this house, apartment, or mobile home on April 1, 2020?

*Number of people =* ☐☐

Bilang ng Tao

**Ilang tao ang tumira o nanatili sa bahay, apartment, o tirahang naililipat (mobile home) na ito sa Abril 1, 2020?**

**2.** Were there any additional people staying here on April 1, 2020 that you did not include in Question 1?

*Mark ☒ all that apply.*

- ☐ Children, related or unrelated, such as newborn babies, grandchildren, or foster children
- ☐ Relatives, such as adult children, cousins, or in-laws
- ☐ Nonrelatives, such as roommates or live-in babysitters
- ☐ People staying here temporarily
- ☐ No additional people

**Mayroon bang sinumang karagdagang tao na nanirahan dito sa Abril 1, 2020 na hindi mo isinama sa Unang Tanong?**

Markahan ☒ ang lahat ng naaangkop.

- Mga bata, kamag-anak man o hindi, katulad ng mga bagong silang, mga apo, o mga anak-anakan (foster children)
- Mga kamag-anak, tulad ng mga nasa tamang gulang na mga anak, pinsan, biyenan, manugang, hipag, o bayaw
- Mga hindi kamag-anak, gaya ng mga kakuwarto o naninirahang mga babysitter
- Mga taong pansamantalang namamalagi dito
- Walang karagdagang tao

**3.** Is this house, apartment, or mobile home — *Mark ☒ ONE box.*

- ☐ Owned by you or someone in this household with a mortgage or loan? *Include home equity loans.*
- ☐ Owned by you or someone in this household free and clear (without a mortgage or loan)?
- ☐ Rented?
- ☐ Occupied without payment of rent?

**Ito bang bahay, apartment, o tirahang naililipat (mobile home) na ito ay —**

Markahan ☒ ang ISANG kahon.

- Pag-aari mo o ninumang nasa sambahayang ito (mga kasama sa tirahang ito) nang may mortgage o utang? Isama ang home equity na mga utang.
- Pag-aari mo o ninumang nasa sambahayang ito (mga kasama sa tirahang ito nang) (walang mortgage o utang)?
- Inuupahan?
- Tinitirahan nang walang bayad sa upa?

**4.** What is your telephone number?

*We will only contact you if needed for official Census Bureau business.*

Telephone Number

☐☐☐ – ☐☐☐ – ☐☐☐☐

Numero ng Telepono

**Ano ang iyong numero ng telepono?**

Kokontakin lang namin kayo kung kailangan para sa opisyal na tungkulin ng Kawanihan ng Senso.

# Kumpletuhin ang mga tanong sa kaliwang bahagi ng pangalawang pahina

*HUWAG ISULAT ANG MGA SAGOT MO SA GABAY NA ITO*


**5.** **Please provide information for each person living here. If there is someone living here who pays the rent or owns this residence, start by listing him or her as Person 1. If the owner or the person who pays the rent does not live here, start by listing any adult living here as Person 1.**

**What is Person 1's name?** *Print name below.*

First Name MI

Last Name(s)


Pakibigay ang impormasyon para sa bawat taong nakatira dito. Kung mayroong nakatira dito na nagbabayad ng upa o nagmamay-ari ng tirahan, magsimula sa pamamagitan ng paglista sa kanya bilang Unang Tao. Kung ang may-ari o ang taong nagbabayad ng upa ay hindi nakatira dito, magsimula sa paglista ng sinumang nasa tamang edad na naninirahan dito bilang Unang Tao.

**Ano ang pangalan ng Unang Tao?**


**6.** **What is Person 1's sex?** *Mark* ☒ *ONE box.*

☐ Male ☐ Female

**Ang Unang Tao ba ay lalaki o babae?**
Markahan ☒ ang ISANG kahon.

- ■ Lalaki
- ■ Babae


**7.** **What is Person 1's age and what is Person 1's date of birth?** *For babies less than 1 year old, do not write the age in months. Write 0 as the age.*

Age on April 1, 2020 — years

*Print numbers in boxes.* Month Day Year of birth


**Ano ang edad ng Unang Tao at ano ang petsa ng kapanganakan ng Unang Tao?**
Para sa mga sanggol na wala pang 1 taong gulang, huwag isulat ang edad sa buwan. Isulat ang 0 bilang edad.


**8.** **Is Person 1 of Hispanic, Latino, or Spanish origin?**

☐ **No**, not of Hispanic, Latino, or Spanish origin
☐ Yes, Mexican, Mexican Am., Chicano
☐ Yes, Puerto Rican
☐ Yes, Cuban
☐ Yes, another Hispanic, Latino, or Spanish origin – *Print, for example, Salvadoran, Dominican, Colombian, Guatemalan, Spaniard, Ecuadorian, etc.*

**Hispaniko, Latino, o Espanyol ba ang angkang pinagmulan ng Unang Tao?**

- ■ **Hindi**, hindi Hispaniko, Latino, o Espanyol ang pinagmulan
- ■ Oo, Mehikano, Mehikanong Amerikano, Chicano
- ■ Oo, Puerto Rican
- ■ Oo, Kubano
- ■ Oo, ibang Hispaniko, Latino, o Espanyol na pinagmulan—Isulat nang malinaw, halimbawa, Salvadoran, Dominikano, Kolumbyano, Guatemalan, Kastila, Ecuadorian, atbp.

# Kumpletuhin ang tanong sa kanang bahagi ng pangalawang pahina

*HUWAG ISULAT ANG MGA SAGOT MO SA GABAY NA ITO*

**9. What is Person 1's race?**
*Mark ☒ one or more boxes* ***AND*** *print origins.*

☐ White – *Print, for example, German, Irish, English, Italian, Lebanese, Egyptian, etc.*

☐ Black or African Am. – *Print, for example, African American, Jamaican, Haitian, Nigerian, Ethiopian, Somali, etc.*

☐ American Indian or Alaska Native – *Print name of enrolled or principal tribe(s), for example, Navajo Nation, Blackfeet Tribe, Mayan, Aztec, Native Village of Barrow Inupiat Traditional Government, Nome Eskimo Community, etc.*

☐ Chinese ☐ Vietnamese ☐ Native Hawaiian
☐ Filipino ☐ Korean ☐ Samoan
☐ Asian Indian ☐ Japanese ☐ Chamorro
☐ Other Asian – *Print, for example, Pakistani, Cambodian, Hmong, etc.*
☐ Other Pacific Islander – *Print, for example, Tongan, Fijian, Marshallese, etc.*

☐ Some other race – *Print race or origin.*

**Ano ang lahi ng Unang Tao?**
Markahan ☒ ang isa o higit pang mga kahon AT isulat nang mas malinaw ang mga angkang pinagmulan.

- Puti—Isulat nang malinaw, halimbawa, Aleman, Irish, Ingles, Italyano, Lebanese, Egyptian, atbp.
- Itim o Aprikanong Amerikano—Isulat nang malinaw, halimbawa, Aprikanong Amerikano, Jamaican, Haitian, Nigerian, Ethiopian, Somali, atbp.
- Amerikanong Indian o Katutubong Alaskan—Isulat nang malinaw ang pangalan ng naka-enroll o (mga) pangunahing tribo, halimbawa, Navajo Nation, Blackfeet Tribe, Mayan, Aztec, Tradisyonal na Pamahalaan ng Katutubong Nayon ng Barrow Inupiat, Komunidad ng Nome Eskimo, atbp.
- Tsino
- Vietnamese
- Katutubong Hawayano
- Filipino
- Koreano
- Samoan
- Asyanong Indian
- Hapon
- Chamorro
- Ibang Asyano—Isulat nang malinaw, halimbawa, Pakistani, Cambodian, Hmong, atbp.
- Ibang Taga-Islang Pasipiko—Isulat nang malinaw, halimbawa, Tongan, Fijian, Marshallese, atbp.
- Iba pang lahi—Isulat nang malinaw ang lahi o pinagmulan.

# Kumpletuhin ang mga tanong para sa bawat karagdagang tao

## Ang bawat karagdagang tao ay tatanungin ng dalawang katanungan sa ibaba

*HUWAG ISULAT ANG MGA SAGOT MO SA GABAY NA ITO*

**2. Does this person usually live or stay somewhere else?**
*Mark ☒ all that apply.*

- ☐ No
- ☐ Yes, for college
- ☐ Yes, for a military assignment
- ☐ Yes, for a job or business
- ☐ Yes, in a nursing home
- ☐ Yes, with a parent or other relative
- ☐ Yes, at a seasonal or second residence
- ☐ Yes, in a jail or prison
- ☐ Yes, for another reason

**Ang tao bang ito ay karaniwang nakatira o nananatili sa ibang lugar?**

Markahan ☒ ang lahat ng naaangkop.

- ■ Hindi
- ■ Oo, para sa kolehiyo
- ■ Oo, kasama ng assignment sa military
- ■ Oo, para sa trabaho o negosyo
- ■ Oo, sa isang tirahan na may taga-alaga (nursing home)
- ■ Oo, kasama ang magulang o ibang kamag-anak
- ■ Oo, sa isang pana-panahon o pangalawang tirahan
- ■ Oo, sa kulungan
- ■ Oo, para sa ibang dahilan

**3. How is this person related to Person 1?** *Mark ☒ ONE box.*

- ☐ Opposite-sex husband/wife/spouse
- ☐ Opposite-sex unmarried partner
- ☐ Same-sex husband/wife/spouse
- ☐ Same-sex unmarried partner
- ☐ Biological son or daughter
- ☐ Adopted son or daughter
- ☐ Stepson or stepdaughter
- ☐ Brother or sister
- ☐ Father or mother
- ☐ Grandchild
- ☐ Parent-in-law
- ☐ Son-in-law or daughter-in-law
- ☐ Other relative
- ☐ Roommate or housemate
- ☐ Foster child
- ☐ Other nonrelative

**Ang tao bang ito ay kamag-anak ng Unang Tao?**
Markahan ☒ ang ISANG kahon.

- ■ Mag-asawang lalaki at babae
- ■ Nagsasamang mag-partner na babae at lalaki na hindi kasal
- ■ Mag-asawang parehong lalaki o parehong babae
- ■ Nagsasamang mag-partner na parehong lalaki o parehong babae na hindi kasal
- ■ Tunay na anak (anak sa dugo)
- ■ Ampon na anak
- ■ Anak ng asawa
- ■ Kapatid

- ■ Ama o ina
- ■ Apo
- ■ Biyenan
- ■ Manugang
- ■ Ibang kamag-anak
- ■ Kakuwarto o kabahay
- ■ Anak-anakan (foster child)
- ■ Ibang hindi kamag-anak

# Kumpletuhin ang ika-8 pahina kung mahigit sa anim na katao ang nabilang mo

*HUWAG ISULAT ANG MGA SAGOT MO SA GABAY NA ITO*




Mangyaring ipadala sa koreo ang nakumpletong palatanungan sa Ingles gamit ang sobreng may bayad na selyong iyong natanggap.

## Ang 2020 Senso ay mas madali kaysa dati.




### Alam mo bang pwede ka ring sumagot online?

Kung hindi mo magawang kumpletuhin ang 2020 Senso online, pumunta sa URL na nakasulat sa palatanungan.

### Ang mga video na patnubay para sa pagkumpleto ng 2020 Senso online ay makikita sa

2020census.gov/languages